Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIAN (ANNEX), IKA-LIMANG PALAPAG NG BAGONG GUSALI NG PAMAHALAANG LUNGSOD NG MALOLOS NOONG IKA-12 NG ABRIL, 2021.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. NOEL G. PINEDA | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | Kasangguni |
| KGG. KIRK LOUIS NICOLAS | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. ENRICO C. CAPULE | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA | " |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |

HINDI NAKADALO:

| | |
|---|---|
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |

---

**KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BLG. 65-2021**

**ISANG KAPASIYAHANG PANLUNGSOD NA HUMIHILING SA TANGGAPAN NG PUNONG LUNGSOD - INH. GILBERT T. GATCHALIAN AT SA CITY ACCOUNTING OFFICE, SA PAMAMAGITAN NI GNG. MARCIANA D. JIMENEZ NA MAPAGKALOOBAN ANG SANGGUNIANG ITO NG *CERTIFIED TRUE COPIES* NG *COMPLETE SETS OF DISBURSEMENT VOUCHERS* NA MAY KINALAMAN SA PAGBILI NG MGA *GROCERIES* AT *ECOBAGS* NOONG DISYEMBRE 2019 AT MGA *ECOBAGS* NOONG DISYEMBRE 2020.**

**AKDA NI: KGG. DENNIS D. SAN DIEGO**
**AT BUMUBUONG SANGGUNIANG PANLUNGSOD**

**SAPAGKAT,** batay sa Section 1, Article XI ng Saligang Batas, "Ang pagtitiwala ng bayan ay angkin ng katungkulang pambayan. Ang mga pinuno at mga kawaning pambayan ay kinakailangang mamalaging nananagutan sa mga taong-bayan, maglingkod sa kanila na taglay ang pinakamataas na pakundangan, dangal, katapatan at kahusayan, manuparan na taglay ang pagkamakabayan at katarungan, at mabuhay nang buong kapakumbabaan";

**SAPAGKAT,** ang mga batas at regulasyon ay umiiral upang magbigay ng kaayusan sa lipunan at pangalagaan ang mga mamamayan, kung kaya't ang mga ito ay dapat sundin at tupdin, higit lalo ng mga taong nasa katungkulang pambayan;

**SAPAGKAT,** sa makailang ulit na pagliham ng Sangguniang ito, sa pamamagitan ng Kalihim ng Sangguniang Panlungsod na si Gng. Cristina R. Gutierrez, sa ating Punong Lungsod at ilang tanggapan sa ehekutibo na humihiling na makapagbigay ng *Certified True Copies* ng mga nasabing Disbursement Vouchers, bagama't may natanggap tayong mga *photocopies* lamang ng mga nabanggit na dokumento, hanggang sa kasalukuyan ay wala pa rin ang mga *Certified True Copies* ng mga ito;

**SAPAGKAT,** sa diwa ng matapat na paglilingkod at mabuting pamamahala, ang mga nabanggit na dokumentong hinihingi ay malaki ang maitutulong upang mabigyang-linaw ang isyung kinasasangkutan nito;

Sa pamamagitan ng kahilingan ni Igg. Dennis D. San Diego na pinangalawahan nina Kgg. Michael M. Aquino, Kgg. Emmanuel R. Sacay, Kgg. Luis Alfonso M. Arcega at Kgg. Patrick S. dela Cruz, ay

**IPINASIYA,** gaya ng dito ay ginagawang pagpapasiya, na mapagtibay ang Kapasiyahang humihiling sa Tanggapan Ng Punong Lungsod - Inh. Gilbert T. Gatchalian at sa City Accounting Office sa pamamagitan ni Gng. Marciana D. Jimenez, na mapagkalooban ang Sangguniang ito ng *Certified True Copies* ng *Complete Sets of Disbursement Vouchers* na may kinalaman sa pagbili ng mga *Groceries* na ipinamigay noong Disyembre 2019 at dalawang (2) *Disbursement Vouchers* ng pagbili ng *Ecobags* na pinaglagyan ng mga nasabing groceries at gayundin ang *Disbursement Vouchers* para sa mga *Ecobags* na pinaglagyan ng groceries na ipinamigay noong Disyembre 2020.

**PINAGTIBAY.**

KGG. NOEL G. PINEDA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO
KASANGGUNI

KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA
KASANGGUNI

KGG. KIRK LOUIS NICOLAS
KASANGGUNI

KGG. MICHAEL M. AQUINO
KASANGGUNI

KGG. ENRICO C. CAPULE
KASANGGUNI

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO
KASANGGUNI

KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA
KASANGGUNI

KGG. EDGARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

KGG. EMMANUEL R. SACAY
KASANGGUNI

KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
KASANGGUNI

***KGG. FRANCISCO J. CASTRO**
KASANGGUNI

*****KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA**
KASANGGUNI

*****KGG. KIRK LOUIS NICOLAS**
KASANGGUNI

**KGG. MICHAEL M. AQUINO**
KASANGGUNI

*****KGG. ENRICO C. CAPULE**
KASANGGUNI

**KGG. DENNIS D. SAN DIEGO**
KASANGGUNI

**KGG. EMMANUEL R. SACAY**
KASANGGUNI

****KGG. EDGARDO F. DOMINGO**
KASANGGUNI

**KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA**
KASANGGUNI

****KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO**
KASANGGUNI

****KGG. DIONISIO C. MENDOZA**
KASANGGUNI - ABC President

**KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**
KASANGGUNI - SK President

PINATUTUNAYAN ko, na ang nasabing Kapasiyahang Panlungsod ay pinagtibay ng Sanggunian.

**CRISTINA R. GUTIERREZ, EnP**
Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

**PINATUTUNAYAN:**

**KGG. NOEL G. PINEDA**
PANG. PUNONG LUNGSOD -Tagapangulo

*hindi nakadalo
**hindi sumang-ayon sa pagpapatibay
***hindi lumahok sa pagpapatibay

DhorieTrogo(SDC2)*04122021